



Pinagpaplanuhan Mo Bang Pumasok sa Kolehiyo?

Makakatulong ang Smarter Balanced at ang mga pinili mong kinakailangan na kurso sa ika-12 baitang

Para sa mga nangungunang kolehiyo sa walong estado, ang mga mag-aaral na nakakakuha ng matataas na marka sa mga pagsusulit ng Smarter Balanced at kumukuha ng mahihirap na kurso sa high school ay papasok sa kolehiyo na handang magtagumpay. Mahigit sa 220 kolehiyo, unibersidad, at community at technical college sa mga estadong ito ang sumang-ayon na pahintulutan ang mga mag-aaral na makakakuha ng markang 3 o 4 sa mga pagsusuri ng Smarter Balanced na direktang mag-enroll sa mga nake-credit na entry-level na kurso sa oras na matanggap sila.

PAUNAWA: Tinatanggap ng lahat ng pampublikong kolehiyo, unibersidad, at community at technical college sa Washington ang mga marka sa Smarter Balanced bilang isang indikasyon ng pagiging handa para sa kolehiyo.

Paano ko magagamit ang aking mga marka sa Smarter Balanced?

- Gamitin ang mga marka sa pagpili ng mga kukunin mong kurso sa Ingles at matematika sa ika-12 baitang, nang sa gayon ay maging handa ka para sa mga haharapin mo pagkatapos ng high school.
- Mag-apply at magpasa ng mga kinakailangan para sa pagpasok sa kolehiyo sa gusto mong kolehiyo o unibersidad. Kung matatanggap ka at ang paaralan na iyon ay sumang-ayon sa pagtanggap ng mga marka sa Smarter Balanced, kapag nakakuha ka ng markang 3 o 4, hindi mo na kakailanganing kumuha ng mga karagdagang placement testing at magagastos na remedial class. Maaari kang direktang pumasok sa mga nake-credit na entry-level na kurso kung mag-e-enroll ka sa mismong taon kung kailan ka nagtapos sa high school.

Makipag-ugnayan sa mga indibidwal na kolehiyo o unibersidad upang malaman ang kanilang proseso sa pagtanggap sa mga marka.

Paano kung hindi ako makakakuha ng 3 o 4?

Hindi mo kailangang makakuha ng markang 3 o 4 upang makapagtapos sa high school o makapasok sa kolehiyo. Ngunit kapag mas mabababa ang iyong marka, maaari iyong maging isang indikasyon na may ilang partikular na kasanayan at kaalaman ka munang dapat bigyang-pansin bago ka magtapos sa high school.

Makipagtulungan sa iyong mga guro at counselor upang matukoy ang mga kakulangang iyon at makagawa ng isang plano sa paghasa ng iyong mga kasanayan bago ka pumasok sa kolehiyo.

Ang mga kurso ng "Bridge-to-College" ay mga kurso sa Ingles at matematika para sa ika-12 baitang na idinisenyo para sa mga mag-aaral na makakakuha ng markang 2 sa mga pagsusulit ng Smarter Balanced sa high school.

Ang mga mag-aaral na makakakuha ng "B" o mas mataas sa mga kurso ng Bridge ay magiging kwalipikado para sa mga nake-credit na entry-level na kinakailangan na kurso sa mga community at technical college.

Matuto nang higit pa!

Smarter Balanced

www.k12.wa.us/smarter

Matuto nang higit pa!

Ready. Set. Grad.

www.readysetgrad.org

Matuto nang higit pa!

Placement para sa Kurso sa Kolehiyo

bit.ly/SB-HigherEd
www.wsac.wa.gov/college-readiness

Matuto nang higit pa!

Mga Kurso ng Bridge-to-College

bit.ly/BridgeToCollege

Upang makapanood ng **video** na nagpapaliwanag ng graphic na ito at kung paano magagamit ng mga marka sa Smarter Balanced at High School & Beyond Plan upang mapagplanuhan ang kanilang daan patungo sa tagumpay kasunod ng pagtatapos sa high school, bisitahin ang youtu.be/a-ynFX0m90.

